
| GRADES 1 to 12<br>DAILY LESSON LOG | Paaralan: | DepEdClub.com | Baitang: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | NOVEMBER 4 - 8, 2024 (WEEK 6) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| OBJECTIVES | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng isahang pagsasadula tungkol sa isang isyu o paksang napakinggan | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** ***Isulat ang code ng bawat kasanayan.*** | Nagagamit ang uri ng pang-abay (panlunan, pamaraan, pamanahon) sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon. **(F6L-IIF-j-5)** | Nagagamit ang uri ng pang-abay (panlunan, pamaraan, pamanahon) sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon. **(F6L-IIF-j-5)** | • nakatutukoy ng sanhi at bunga ng mga pangyayari;<br>• nakapagbibigay ng angkop na bunga/sanhi ng mga pangyayari; at<br>• napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.<br>**(F6PB-lllb-6.2)** | • nakatutukoy ng sanhi at bunga ng mga pangyayari;<br>• nakapagbibigay ng angkop na bunga/sanhi ng mga pangyayari; at<br>• napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.<br>**(F6PB-lllb-6.2)** | • nakatutukoy ng sanhi at bunga ng mga pangyayari;<br>• nakapagbibigay ng angkop na bunga/sanhi ng mga pangyayari; at<br>• napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.<br>**(F6PB-lllb-6.2)** |
| **II. NILALAMAN** | **Paggamit ng Uri ng Pang-abay (Panlunan, Pamaraan, Pamanahon) sa Pakikipag-usap sa Iba't ibang Sitwasyon** | **Paggamit ng Uri ng Pang-abay (Panlunan, Pamaraan, Pamanahon) sa Pakikipag-usap sa Iba't ibang Sitwasyon** | **Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari** | **Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari** | **Pag-uugnay ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari** |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina sa Gabay ng Guro** | K-12 MELC- p167 | K-12 MELC- p167 | K-12 MELC- p167 | K-12 MELC- p167 | K-12 MELC- p167 |
| **2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | SLM/ Week 6 Module | SLM/ Week 6 Module | SLM/ Week 6 Module | SLM/ Week 6 Module | SLM/ Week 6 Module |
| **3. Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | Laptop, modules | Laptop, modules | Laptop, modules | Laptop, modules | Laptop, modules |
| **III. PROCEDURES** | | | | | |
| **A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | Pakinggan ang usapan ng maglolo. Isulat ang mga pandiwang ginamit sa usapan at tukuyin kung ano ang aspekto at ang pokus ng pandiwa. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.<br><br>Ang larawan na ito ay iginuhit ni Leo Gali<br>**Apo :** Lolo, natatakot po ako sa mga nangyayari ngayon.<br>**Lolo:** Huwag kang mag-aalala apo. Magdasal at manalig lamang tayo sa Panginoon.<br>**Apo:** Opo lolo. Ay! Maiba po ako. Akin na lang po itong bagong lapis at ipangguguhit ko para malibang po ako.<br>**Lolo:** Sige apo. May tinapay pala diyan. Ipinagbalot ka ng lola Ana mo. Dumaan ako sa kanila kanina.<br>**Apo :** Wow! Hindi talaga hindi nakalilimot si Lola Ana. Ang bait niya talaga!<br>**Lolo:** Aba! Oo naman. Talagang mabait ang kapatid kong iyon kaya palagi kong binibisita.<br>**Apo :** Sige po lolo, sasama po ako sa iyo sa susunod na dumalaw po kayo sa kaniya.<br>***Sariling katha ni Catherine D. Diaz*** | Balikan ang nakaraang aralin. Ano ang iyong natutunan? | Balikan ang nakaraang aralin. Ano ang iyong natutunan?<br><br>Bumuo ng usapan batay sa sitwasyon. Gamitin ang mga pang-abay na pamaraan,<br>panlunan at pamanahon na nakatala sa kahon. Isulat sa iyong sagutang papel. (10 puntos)<br>Sitwasyon: Naghahanda ang mag-anak dahil may paparating na bagyo.<br>maaga — mabilis — malakas<br>bukas — paluhod — sa bahay<br>sa palengke — mahigpit — sa plasa | Balikan ang nakaraang aralin. Ano ang iyong natutunan? | Balikan ang nakaraang aralin. Ano ang iyong natutunan? |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | Bashahin ang usapan.<br>Isang araw, habang naglalakad ang mag-ama papuntang plasa, napag- usapan nila ang Nanay Beng na nagbabakasyon sa Maynila.<br>**Ted :** Tatay, bakit po pumunta ang nanay sa Maynila?<br>**Tatay:** Ted, maghahanap ng trabaho ang nanay.<br>**Ted :** Sa panaderya po ba magtatrabaho ang nanay doon?<br>**Tatay:** Oo, anak!<br>**Ted :** Wow, tiyak kong may pasalubong sa akin ang nanay. Boomer, narinig mo iyon? Itay, tingnan mo matangkad na ang ating alagang asong si Boomer.<br>**Tatay:** Halika Ted, dalhin natin ang aso mo sa plasa. Balita ko, may palatuntunan doon. Manonood tayo.<br>**Ted :** Itay, Kailan po ba uuwi ang nanay?<br>**Tatay:** Sa susunod na linggo, uuwi na ang nanay mo anak.<br>**Ted :** Talaga ba itay? Sasalubungin ko po ang nanay nang mahigpit na yakap.<br>**Tatay:** Sige anak, halika ka na. Pupunta na tayo sa plasa kasama si Boomer.<br>***Sariling Katha ni Catherine D. Diaz***<br>Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Ano ang paksa ng usapan ng mag-ama?<br>2. Saan pupunta ang mag-ama? | Tukuyin ang uri ng pang-abay sa bawat salitang may salungguhit.<br>Bilugan ang iyong sagot.<br>PL – Panlunan PH – Pamanahon PM - Pamaraan<br>PL PH PM 1. Lumipat ang mag-anak <u>sa Maynila.</u><br>PL PH PM 2. Tayo na't maglaro <u>sa parke.</u><br>PL PH PM 3. Naglalakad si Lolo Basti <u>nang dahan-dahan.</u><br>PL PH PM 4. <u>Malakas</u> sumigaw ang bata.<br>PL PH PM 5. Si Angela ay sasayaw <u>bukas.</u><br>PL PH PM 6. Aalis na si Tiyo Nestor <u>sa susunod na Sabado.</u> | Nakapunta ka na ba ng palengke mag-isa o kasama ang iyong magulang?<br><br>Paano kayo nakarating sa palengke? | A. Isulat ang titik ng bunga sa kanan sa tamang sanhi ng mga ito sa kaliwa.<br>**Sanhi**<br>___ 1. Napakainit ng panahon.<br>___ 2. May sirang ngipin si Tomas.<br>___ 3. Hindi kumain ng tanghalian si Michael.<br>___ 4. Hindi nag-aral si Danny.<br>___ 5. Napakalakas ng bagyo.<br>**Bunga**<br>a. Nagutom siya.<br>b. Pumunta siya sa dentista.<br>c. Maraming bahay na nasira.<br>d. Binuksan namin ang *aircon*.<br>e. Mababa ang nakuha niyang marka sa pagsusulit. | . Piliin ang titik ng angkop na **bunga** ng bawat larawan.<br><br>a. Sinipon at nilagnat si Lisa.<br>b. Lalung naging malakas si Lisa.<br>c. Pinuri ng kanyang nanay si Lisa.<br><br>a. Dumami ang mga puno sa kagubatan.<br>b. Nagkaroon ng pagbaha sa kanilang lugar.<br>c. Napagalitan ang mga bata sa kanilang magulang. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>3. Kailan uuwi ang Nanay Beng?<br>4. Saan magtatrabaho ang nanay? Paano sasalubungin ni Ted ang kaniyang nanay?<br>5. Ano ang napapansin mo sa mga tanong 2 hanggang 4?</td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.</td>
<td>Upang lalo pang mapagyaman ang kaalaman kaugnay sa paksang tatalakayin, maghanda tayo at tuklasin ang tungkol sa paggamit ng uri ng pang-abay na panlunan, pamaraan at pamanahon sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon.</td>
<td>Dagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa paksa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na Gawain.</td>
<td>Upang lalo mo pang mapagyaman ang iyong kaalaman kaugnay sa paksang tatalakayin, maghanda ka at tuklasin ang tungkol sa Aspekto at Pokus ng Pandiwa.</td>
<td>Pagapatuloy ng talakayan.</td>
<td>Pagapatuloy ng talakayan.</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1</td>
<td>Ang pang-abay ay bahagi ng pananalita na nagpapalinaw sa isang usapan, diyalogo o pangungusap.<br>Ano ang pang-abay?<br>Ang pang-abay ay bahagi ng pananalita na nagbibigay-turing sa isang pandiwa, pang-uri, at kapwa pang-abay.<br>Halimbawa:<br>Sasalubungin ko po ang nanay nang mahigpit na yakap.<br>Ang pariralang nang mahigpit sa pangungusap ay nagbibigay-turing sa pandiwang</td>
<td>Basahin ang usapan. Isulat sa sagutang papel ang ginamit na mga pang-abay na pamaraan, panlunan, at pamanahon.<br><br>Maagang nagising si Aling Tess para maghanda ng mga lulutuin niya nang pumasok sa kusina ang kaniyang anak na si Heaven.<br>Heaven : Magandang umaga po Nanay!<br>Aling Tess: Magandang umaga rin anak. Mamayang hapon ay may kaunting salo-salo tayo bilang pasasalamat sa pagkapanalo mo.<br>Heaven : Wow! Salamat po nanay.<br>Aling Tess: Walang anoman anak. Talagang pinaghandaan namin ng itay mo ito. Kunin mo muna sa kuwarto ang aking pitaka at may ipabibili ako sa iyo.<br>Heaven : Sige po nanay.<br>Aling Tess: Dahan-dahan sa pagpasok sa kuwarto anak, natutulog pa nang mahimbing ang iyong kapatid.<br>Heaven : Gabi na po ba dumating ang kuya?<br>Aling Tess: Oo anak. Nahirapan daw siyang mag-abang ng sasakyan.<br>Heaven : A, kaya pala. Heto na po ang iyong pitaka inay.<br>Aling Tess: Salamat anak. Heto ang pera. Bumili ka ng isang kilong asukal sa tindahan ni Aling Merly. Mag-ingat ka sa pagtawid sa kalye.<br>Sariling katha ni Gemma Obsiana<br><br>
<table>
<tr><td>Pang-abay na Panlunan</td><td>Pang-abay na Pamaraan</td><td>Pang-abay na Pamanahon</td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Basahin ang kalagayang ito.<br><br>
<br><br>Mga Tanong:<br>1. Saan pupunta sina Remia at Gina?<br>2. Ano ang napansin ni Gina sa may kanto?<br>3. Bakit maraming tao at may pulis?<br>4. Ano ang dahilan ng pagkasagasa sa bata?</td>
<td>Magbigay ng limang posibleng ibubunga ng sumusunod na kalagayan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.<br>A. Dumarami ang kaso ng COVID-19 sa bansa.<br>B. Marami ang nawalan ng trabaho sa patuloy na pagdami ng kaso ng COVID-19.</td>
<td>Pagtambalin ang sanhi sa kaliwa sa angkop na bunga sa kanan. Isulat ang titik ng tamang bunga sa patlang ng sanhi.<br><br>___ 1. Napakainit ng panahon.<br>___ 2. May sirang ngipin si Tomas.<br>___ 3. Hindi kumain ng tanghalian si Michael.<br>___ 4. Hindi nag-aral si Danny.<br>___ 5. Napakalakas ng bagyo.<br>___ 6. Puno ng mga pasahero ang mga dyip.<br>___ 7. Nagtulungan kami.<br>___ 8. Hindi maingat magmaneho ang lalaki.<br>___ 9. Tumingin ako sa kanan at kaliwa ng daan.<br>___ 10. Tinapos ni Ramon ang kanyang mga takdang-aralin.<br><br>a. Kinansela ng DepEd ang mga klase.<br>b. Nakatawid ako nang maayos.<br>c. Gutom na gutom siya.<br>d. Naaksidente siya sa daan.<br>e. Mababa ang nakuha niyang marka sa pagsusulit.<br>f. Pinayagan siyang maglaro sa labas ng bahay.<br>g. Sumakay na lang kami sa traysikel pauwi.<br>h. Pumunta siya sa dentista.<br>i. Binuksan namin ang aircon.<br>j. Madali naming natapos ang gawain.</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | sasalubungin.<br>Ang ***nang mahigpit*** ay halimbawa ng ***pang-abay*** sapagkat naglalarawan ito sa paraan ng pagsusulubong sa nanay.<br>Ang pang-abay ay may iba't ibang uri tulad ng ***pang-abay na panlunan, pang-abay na pamanahon, at pang-abay na pamaraan***.<br>Isa-isahin natin ang tatlong ito.<br>Ano ang ***pang-abay na panlunan***?<br>***Pang-abay na panlunan*** ang tawag sa pang-abay na nagsasaad ng lugar na pinangyarihan ng kilos. Sumasagot ito sa tanong na ***saan***.<br>Halimbawa: Sa panaderya po ba magtatrabaho ang nanay doon?<br>Tanong: Saan magtatrabaho ang nanay doon?<br>Sagot: Sa panaderya magtatrabaho ang nanay.<br>Ang ***sa panaderya*** ay halimbawa ng pang-abay na panlunan. | | Pag-usapan natin ang binasang kalagayan.<br>Suriin ang sumusunod:<br>1. Nagkaroon ng banggaan sa kanto kaya maraming tao at may pulis.<br>2. Tumawid sa kalsada ang bata kaya nahagip ng motorsiklo. | | |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng** | Ano ang ***pang-abay na pamanahon***?<br>Ang ***pang-abay na*** | Talakayin ang sagot ng mga bata. | Ano ang pangyayari sa **unang pangungusap**?<br>**Pangyayari**: Nagkaroon ng | Talakayin ang sagot ng mga bata. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **bagong kasanayan #2** | ***pamanahon*** ay nagsasaad kung kailan nangyari ang kilos. Sumasagot ito sa tanong na ***kailan***?<br>Halimbawa: ***Sa susunod na Linggo,*** uuwi na ang nanay mo anak.<br>Tanong: Kailan uuwi ang nanay niya?<br>Sagot: Sa susunod na Linggo uuwi na ang nanay niya.<br>Ang ***sa susunod na Linggo*** ay halimbawa ng pang-abay na pamanahon.<br>Ano ang ***pang-abay na pamaraan?***<br>Ang ***pang-abay na pamaraan*** ay naglalarawan kung paano isinagawa ang kilos.<br>Sumasagot ito sa tanong na ***paano***.<br>Halimbawa: Sasalubungin ko po ang nanay **nang mahigpit** na yakap.<br>Tanong: Paano niya sasalubungin ang kaniyang nanay?<br>Sagot: Sasalubungin niya **nang mahigpit** na yakap ang kaniyang nanay.<br>Kaya ang ***nang mahigpit*** ay nasa pang-abay na pamaraan. | | banggaan sa kanto.<br>Ano ang idinulot ng pangyayari?<br>**Idinulot ng Pangyayari**: Nagkaroon ng maraming tao at may pulis.<br>Ano ang pangyayari sa **Pangungusap 2**?<br>**Pangyayari**: Tumawid sa kalsada ang bata.<br>**Idinulot ng Pangyayari**: Nahagip ng motorsiklo<br>**Basahin naman ito:**<br>Dahil sa banggaan sa kanto, maraming tao at may pulis.<br>Dahil sa banggaan sa kanto<br>Ang bahaging ito ng pangungusap ay nagsasaad ng **dahilan** ng pagdami ng tao at pagkakaroon ng pulis. Ito ang sinasabing **sanhi** ng isang pangyayari.<br>Maraming tao at may pulis<br>Ang bahaging ito naman ay nagsasaad ng **resulta o epekto** ng pangyayaring pinag-uusapan. Ito ang sinasabing **bunga** ng pangyayari.<br>Suriin ito:<br>**Sanhi** / **Bunga**<br>1. dahil sa banggaan sa kanto / 1. maraming tao at may pulis<br>2. dahil maraming tao at may pulis / 2. napahinto sina Remia at Gina | | Piliin ang titik ng angkop na **sanhi** ng bawat larawan.<br><br>a. Mahilig mag-ehersisyo si Amber.<br>b. Si Amber ay mahilig kumain ng kendi.<br>c. Palaging kumakain ng gulay si Amber.<br><br>a. Naglalaro ng tubig ang aking kapatid.<br>b. Hindi nakapaglinis ng bahay si Nanay.<br>c. Naglalaro ng posporo ang magkakapatid. |

<table>
<tr>
<td>F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungo sa Formative Assessment)</td>
<td>Talakayin ang konsepto ng leksyon.</td>
<td>Talakayin ang konsepto ng leksyon.</td>
<td>Ano ang napansin mo sa bunga Bilang 1 at sanhi Bilang 2?<br>Ang bunga na maraming tao at may pulis ay maaari ring maging dahilan o sanhi<br>ng isa pang pangyayari na magkakaroon ng panibagong epekto/bunga.</td>
<td>Talakayin ang konsepto ng leksyon.</td>
<td>Talakayin ang sagot ng mga bata.</td>
</tr>
<tr>
<td>G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay</td>
<td>Iguhit ang bituin kung ang salitang may salungguhit ay pang-abay na pamaraan, bilog kung pang-abay na panlunan, tatsulok naman kung pang-abay na pamanahon.<br>1. <u>Mabagal</u> na sumunod si Mary sa kaniyang kapatid.<br>2. Nagkita<u> sa simbahan</u> ang magkakaibigan.<br>3. Si Marie ay umuwi na sa kanilang lugar <u>kahapon.</u><br>4. <u>Sa susunod na buwan</u> ay babalik na sa trabaho niya ang tatay.<br>5. <u>Pabulong</u> na nag-uusap ang magkakapatid upang hindi magising ang ina.</td>
<td>Bumuo ka ng usapan na ginagamitan ng pang-abay na panlunan, pang-abay na pamaraan, at pang-abay na pamanahon batay sa larawan sa ibaba. Gawin ito sa<br>iyong sagutang papel. (10 puntos)<br><br>Ang larawan na ito ay iginuhit ni Leo Gali</td>
<td>Basahing mabuti ang pangungusap. Isulat ang S kung ito ay sanhi at B kung bunga.<br>1. _________Magsuot palagi ng face mask.<br>__________Maiwasan nating mahawa ng COVID-19.<br>2. _________Palagi siyang nagkakasakit.<br>__________Mahilig kumain ng mga sitserya si Donald.<br>3. _________Hindi nakapagplantsa si Lea ng kaniyang damit.<br>_________Nagmamadali siyang umalis.<br>4. _________Nakalimutan ni Aling Diday ang kaniyang pitaka.<br>__________Hindi siya nakabili ng gatas.<br>5. _________Uminom siya nang maraming tubig.<br>_________Uhaw na uhaw si Lino.</td>
<td>Pagtambalin ang sanhi ng mga pangyayari sa Hanay A na angkop na bunga nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.<br><table><tr><th>A</th><th>B</th></tr><tr><td>1. Sinisiguro ni Allan na palagi siyang malinis.</td><td>A. Palagi siyang masaya.</td></tr><tr><td>2. Gustong proteksiyonan ni Gilda ang sarili sa nakahahawang virus.</td><td>B. Naliligo siya araw-araw.</td></tr><tr><td>3. Mahigpit na pinapatupad ng mga pamilihan ang social distancing.</td><td>C. Naghuhugas siya ng kamay bago at pagkatapos kumain</td></tr><tr><td>4. Paboritong kainin ni Jun ang mga prutas na mayaman sa bitamina C.</td><td>D. Nagsusuot siya ng face mask kapag lalabas ng bahay.</td></tr><tr><td>5. Si Angela ay palaging may positibong pananaw sa buhay.</td><td>E. Malakas siya at hindi madaling mahawaan ng sakit.</td></tr><tr><td></td><td>F. Walang siksikan.</td></tr></table></td>
<td>Punan ang tsart. Bumuo ng sanhi at bunga sa sumusunod na mga kaisipan. Isulat<br>ang iyong sagot sa sagutang papel.<br><table><tr><th>Sanhi</th><th>Bunga</th></tr><tr><td>Masikip ang lumang sapatos ni Daniel</td><td>1.___________________</td></tr><tr><td>2.___________________</td><td>Gumanda ang kaniyang buhay.</td></tr><tr><td>Sobrang bilis magpatakbo ng bisikleta si Erwin</td><td>3.___________________</td></tr><tr><td>May bahay na nasusunog</td><td>4.___________________</td></tr><tr><td>5. ___________________</td><td>Umiiyak ang sanggol.</td></tr></table></td>
</tr>
<tr>
<td>H. Paglalahat ng Aralin</td>
<td>Ano-ano ang dapat tandaan sa araling ito? Bakit mahalaga ang paggamit ng mga pang-abay na panlunan, pamanahon at</td>
<td>Ano ang mahalagang natutunan mo sa aralin natin ngayon?</td>
<td>Ano ang iyong natutunan? Gaano ito kahalaga?</td>
<td>Ano ang iyong natutunan?</td>
<td>Ano ang iyong natutunan?</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | pamaraan sa pakikipag-usap sa iba't ibang situwasyon? | | | | |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Bumuo ng isang sitwasyon na kinapapalooban ng pang-abay na panlunan, pamanahon, at pamaraan gamit ang mga salita o parirala sa kahon. Isulat sa iyong sagutang papel.<br>sa bukid — sa tindahan<br>nang mahigpit — nang patihaya<br>sa susunod na buwan — tuwing umaga | Bumuo ng usapan batay sa sitwasyon. Gamitin ang mga pang-abay na pamaraan, panlunan at pamanahon na nakatala sa kahon. Isulat sa iyong sagutang papel.<br>(10 puntos)<br>Sitwasyon: Naghanda ang mag-anak dahil darating ang kanilang ina mula sa limang taong pagtatrabaho sa Hongkong.<br>maaga — mabilis — malakas<br>bukas — paluhod — sa bahay<br>sa palengke — mahigpit — sa plasa | Pagtambalin ang sanhi ng mga pangyayari sa Hanay A sa posibleng bunga nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.<br>A — B<br>1. mataas na lagnat — A. maruming paligid<br>2. hindi nagsisipilyo — B. bumangga sa poste<br>3. marami ang itinanim — C. napaso ang dila<br>4. walang kuryente — D. uminom ng gamot<br>5. pagtapon ng basura kahit saan — E. luntiang paligid<br>6. hindi marunong lumangoy — F. sirang baga<br>7. labis na paninigarilyo — G. mainit at madilim<br>8. inaawit ang Lupang Hinirang — H. sira ang ngipin<br>9. nawalan ng preno ang taxi — I. tumayo nang tuwid<br>10. mainit na sopas — J. may aanihin<br>K. gumamit ng salbabida | Basahin ang bawat kalagayan. Piliiin ang maaaring maging bunga o sanhi sa pangyayari. Isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong sagutang papel.<br>1. Nakasakay ka sa dyip na napakalakas ang tugtog ng *stereo*. Ano ang maaaring ibubunga nito?<br>A. Lalakas ang boses ng mga pasahero.<br>B. Mapapasayaw ang mga pasahero.<br>C. Hindi makababa ang mga pasahero.<br>D. Hindi maririnig ng drayber ang pagpara ng pasahero.<br>2. Mahirap ang buhay ng mag-anak Mang Doming. Isa siyang magsasaka at ang kaniyang maybahay ay nasa bahay at nag-aalaga ng kanilang mga anak. Sa kabila rito, masaya ang kanilang pamilya. Sa lahat ng oras ay nagtutulungan sila sa anumang gawain kaya hindi nag-aaway ang mga anak nila. Alin ang sanhi ng talata?<br>A. Masaya ang kanilang pamilya. | Tukuyin ang sanhi at bunga sa bawat kalagayan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.<br>1. Ang buong Pilipinas ay isinailalim sa *enhanced community quarantine* dahil sa COVID-19.<br>Sanhi:<br>Bunga:<br>2. Malaking problema ang kakulangan sa pagkain kaya nagbigay ng tulong pinansyal ang pamahalaan sa mga taong nawalan ng trabaho.<br>Sanhi:<br>Bunga:<br>3. Nanahi si Aling Vicky ng mga *face mask* sapagkat kulang ang suplay nito sa mga ospital.<br>Sanhi:<br>Bunga:<br>4. Naiiwasan ang pagkalat ng mikrobyo sa iba kasi tinatakpan natin ang ating bibig kapag umuubo at bumabahing tayo.<br>Sanhi:<br>Bunga:<br>5.Pahalagahan natin ang sakripisyo ng mga bayaning *frontliners* kaya dapat huwag lumabas at manatili na |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | B. Kaya hindi nag-aaway ang mga anak nila.<br>C. Mahirap ang buhay ng mag-anak ni Mang Doming.<br>D. Sa lahat ng oras ay nagtutulungan sila sa anumang gawain.<br>3. Nakatira ka sa may tambakan ng basura. Nakikita mong paroo't parito ang<br>mga tao sa pagtatapon ng kanilang mga basura maliban pa sa mga itinatapon<br>ng mga sasakyan. Ano ang pinakamalapit na epekto sa pamayanan ng patuloy<br>na pagtatapon at pagdami ng basura sa inyong lugar?<br>A. Yayaman ang mga basurero<br>B. Lilipat ng tirahan ang mga tao.<br>C. Mangangamoy basura ang paligid.<br>D. Maglilinis ang mga mamamayan ng<br>kani-kanilang bakuran.<br>4. Pumunta sina Daisy at mga kaibigan nito sa palaruan. Biglang may lumapit<br>na gusgusing batang kalye na mukhang gutom na gutom. Nakatitig lamang<br>ito sa mga pagkaing kinakain nila. Nakaramdam ng awa si | lamang sa bahay.<br>Sanhi:<br>Bunga: |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Daisy sa bata kaya binigyan niya ito ng pagkain. Ano ang dahilan sa pagbibigay niya ng pagkain sa bata?<br>A. Pumunta sina Daisy sa palaruan.<br>B. Nakatitig ito sa mga pagkain nila.<br>C. Nakaramdam ng awa si Daisy sa batang kalye.<br>D. Lumapit ang gusgusing batang kalye na mukhang gutom na gutom.<br>5. Tumatakbo nang mabilis ang isang bus at bumubuga ng pagkaitim-itim na usok. Ano ang ibubunga nito sa kalusugan ng mga tao?<br>A. Magkakaroon ng sakit sa balat ang mga tao.<br>B. Magkakasakit sa baga ang mga tao.<br>C. Magsusuka ang mga tao.<br>D. Maluluha ang mga tao. | |
| **J. . Karagdagang Gawain para sa takdang-aralin at *remediation*** | | | | | |
| **IV. *Mga Tala*** | | | | | |
| **V. *PAGNINILAY*** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **A.. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.** | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation.*** | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.** | ___Yes ___No<br><br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br><br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br><br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br><br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br><br>____ of Learners who caught up the lesson |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*** | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | *Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/ Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction | *Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/ Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method | *Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/ Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?* | *Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/ Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama | *Strategies used that work well:*<br>___ Group collaboration<br>___ Games<br>___ Solving Puzzles/Jigsaw<br>___ Answering preliminary activities/exercises<br>___ Carousel<br>___ Diads<br>___ Think-Pair-Share (TPS)<br>___ Rereading of Paragraphs/ Poems/Stories<br>___ Differentiated Instruction<br>___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ___ Role Playing/Drama<br>___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in doing their tasks | ___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in doing their tasks | ___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in doing their tasks | ___ Discovery Method<br>___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in doing their tasks | ___ Lecture Method<br>*Why?*<br>___ Complete IMs<br>___ Availability of Materials<br>___ Pupils' eagerness to learn<br>___ Group member's Cooperation in doing their tasks |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | __ Bullying among pupils<br>__ Pupils' behavior/attitude<br>__ Colorful IMs<br>__ Unavailable Technology Equipment (AVR/LCD)<br>__ Science/ Computer/ Internet Lab<br>__ Additional Clerical works | __ Bullying among pupils<br>__ Pupils' behavior/attitude<br>__ Colorful IMs<br>__ Unavailable Technology Equipment (AVR/LCD)<br>__ Science/ Computer/ Internet Lab<br>__ Additional Clerical works | __ Bullying among pupils<br>__ Pupils' behavior/attitude<br>__ Colorful IMs<br>__ Unavailable Technology Equipment (AVR/LCD)<br>__ Science/ Computer/ Internet Lab<br>__ Additional Clerical works | __ Bullying among pupils<br>__ Pupils' behavior/attitude<br>__ Colorful IMs<br>__ Unavailable Technology Equipment (AVR/LCD)<br>__ Science/ Computer/ Internet Lab<br>__ Additional Clerical works | __ Bullying among pupils<br>__ Pupils' behavior/attitude<br>__ Colorful IMs<br>__ Unavailable Technology Equipment (AVR/LCD)<br>__ Science/ Computer/ Internet Lab<br>__ Additional Clerical works |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | *Planned Innovations:*<br>__ Localized Videos<br>__ Making big books from views of the locality<br>__ Recycling of plastics to be used as Instructional Materials<br>__ local poetical composition | *Planned Innovations:*<br>__ Localized Videos<br>__ Making big books from views of the locality<br>__ Recycling of plastics to be used as Instructional Materials<br>__ local poetical composition | *Planned Innovations:*<br>__ Localized Videos<br>__ Making big books from views of the locality<br>__ Recycling of plastics to be used as Instructional Materials<br>__ local poetical composition | *Planned Innovations:*<br>__ Localized Videos<br>__ Making big books from views of the locality<br>__ Recycling of plastics to be used as Instructional Materials<br>__ local poetical composition | *Planned Innovations:*<br>__ Localized Videos<br>__ Making big books from views of the locality<br>__ Recycling of plastics to be used as Instructional Materials<br>__ local poetical composition |